Enero 2024

PRAYMER

Dumating na ba ang Bagong Pilipinas?

Sa isang tingin, umaarangkada na ang ekonomiya ng Pilipinas sa magdadalawang taon ng gobyernong Marcos Jr. Lumalago rin ang negosyo at kita ng malalaking negosyante. Umaayos naman ang pinansya ng gobyerno, at ikinatutuwa ito ng mga nagpapautang. Ginagamit ng administrasyon ang mga estadistikang ito bilang pruweba na wasto ang estratehiya para sa ekonomiya at tama lang na ipagpatuloy ito.

Pero sa mas masusing pagtingin, ang lala ng kalagayan ng mamamayan. Hindi rin kayang pagtakpan na ang lala ng direksyon ng gobyernong Marcos Jr, sa ekonomiya man o politika ng bansa, pruweba na sumahol lang ang pamumuno. Mayroon tayong kakayahang umunlad, iyan ang totoo, pero ang pagpapayaman ng iilan at pangungunyapit sa kapangyarihan ang inaatupag ng nasa poder.

114 Timog Avenue,
Quezon City,
1103 Philippines
Tels. +63 2 8927 7060 to 61
Fax +63 2 8929 2496
www.ibon.org

1 Paano wastong babasahin ang sinasabing gumagandang *macroeconomic figures* sa kabila ng lumalalang krisis pang-ekonomiya at panlipunan?

Lumago nang 5.9% ang gross *domestic product* (GDP) ng Pilipinas noong 3rd *quarter* ng 2023. Pinakamabilis ito sa mga malalakas na bansa sa Southeast Asia katulad ng Vietnam (5.3%), Indonesia (4.9%), Malaysia (3.9%), Thailand (1.5%), at Singapore (1.1%); at maski sa China (4.9%). Malawakan din ang paglagong ito, o kung tawagin ay *broad-based*, dahil mas mabilis ang naitalang paglago sa agrikultura, industriya, at serbisyo kumpara sa 2nd quarter ng 2023.

Bumaba naman ang *unemployment rate* sa 3.6% noong Nobyembre 2023, ang pinakamababa nitong antas mula 2005. Pinakamababa rin ang buwanang *inflation rate* na 3.9% noong Disyembre 2023 mula nang manungkulan si Bongbong Marcos bilang presidente. Sobrang bumagal ito mula sa 8.1% noong Disyembre 2022.

Bumagal din ang *gross borrowings*, o ang pangkalahatang pangungutang ng gobyerno. Umaabot lang sa Php2.101 trilyon mula Enero hanggang Nobyembre ng 2023, bahagya lang na mas mataas sa Php2.104 trilyon sa parehong panahon noong 2022 at di-hamak na mas mababa sa Php2.77 trilyon noong 2021.

Humupa ang pagdagdag sa kabuuang utang ng gobyerno. Umaabot ito sa Php14.5 trilyon noong Nobyembre 2023, mula sa Php9.8 trilyon noong 2020. Nadagdagan ng Php1.9 trilyon noong 2021, Php1.7 trilyon noong 2022, at Php1.1 trilyon lang noong 2023.

Bumaba rin ang depisito ng pamahalaan, ang pagkakaiba ng kita at gastusin nito. Nasa Php93.3 bilyon na lamang noong Nobyembre 2023, mula sa Php128.7 bilyon sa parehong buwan noong 2021 at Php123.9 bilyon noong 2022. Noong Enero hanggang Nobyembre 2023, Php1.1 trilyon ang depisito ng gobyerno; mula ito sa Php1.3 trilyon sa parehong panahon noong 2021 at Php1.2 trilyon noong 2022.

Abot na rin sa Php3.6 trilyon ang *revenues*, o nakolektang kita ng gobyerno bago matapos ang 2023. Tinatayang aabot ito sa Php3.8 trilyon sa dulo ng 2023, mas mataas sa mga koleksyon noong 2021 at 2022, at lampas sa target ng gobyerno para sa 2023.

Pumihit din ang *balance of payments* (BOP), o ang suma ng transaksyon ng Pilipinas sa buong mundo, mula sa US$7.3 bilyong depisito tungong US$3.0 bilyong *surplus*. Bumalik na rin sa masiglang lebel ang *gross international reserves* (GIR), o ang reserbang dolyar, sa US$102 bilyon na katumbas ng halaga ng *imports* para sa tatlong buwan.

Dumating na ba ang Bagong Pilipinas, na ginawan pa ng *branding* kontodo "logo" ng gobyernong Marcos Jr noong nakaraang taon? Walang tulak-kabiging ipinangalandakan ng gobyernong Marcos Jr ang mga macroeconomic figures bilang kanyang *achievements* na para bang nagkasilbi ang administrasyon sa pagpapaunlad ng ating kabuhayan. Walang-kurap itong nagdrowing ng makulay na larawan ng ekonomiya para bigyan tayo ng positibong pananaw na pantakip-mata sa totoong sumasahol nating kalagayan.

Madaling kumapit sa optimismo ang mamamayan, laluna sa panahon ngayon ng kadiliman at nakapanlulumong mga kaganapan, at hindi naman masama ang kumapit sa pag-asa. Ang masama, pinapaniwala tayo sa mga kasinungalingan para magmukhang sinisikatan tayo ng walang-hanggang liwanag.

Pinipili ng gobyernong Marcos Jr ang mga numerong sasabihin at ipapaketeng positibo, habang sadyang iniiwan ang iba pang detalye o datos. Hindi binubuo ang larawan at pinagtatagpo ang mga usapin para magmukhang panatag ang landas ng pag-unlad. Hindi totoong gumaganda ang macroeconomic figures. Ang problema pa, salungat ang pinatatampok na sigla ng macroeconomic figures sa pagkalugmok na nararamdaman ng taumbayan.

Walang dapat ipagbunyi sa 5.9% GDP *growth rate* gayong tuloy-tuloy na bumagal ang ekonomiya sa anim na quarters, mula noong 1st quarter ng 2022 (8.0%) hanggang sa 2nd quarter ng 2023 (4.3%). Nitong 3rd quarter

lang ng 2023 (5.9%) nagpakita ng kaunting pagbilis ang ekonomiya kumpara sa 2nd quarter, at ipinapakahulugan na kaagad ng *economic managers* ng gobyernong Marcos Jr na tumatahak na tayo sa pag-unlad? Ang totoo, bukod sa di-hamak na mas mabagal pa rin ito sa 3rd quarter 2022 (7.7%), kailangang tumalon sa suntok-sa-buwan na 7.2% growth rate ang ekonomiya sa 4th quarter ng 2023 para matamo ng administrasyon ang mababang target nitong 6% growth rate sa buong 2023. At kung matamo man ito, hindi nababago ang reyalidad na bumabagal ang ekonomiya.

Wala rin dapat ipagmalaking broad-based o malawakan ang paglago ng ekonomiya. Bumabagal ang mga sektor kung ihahambing ang growth rate sa parehong panahon noong 2022. Noong 3rd quarter ng 2023, halos tigil ang agrikultura sa 0.9% growth rate, at mula pa ito sa 2.1% noong 3rd quarter ng 2022. Gayundin sa industriya, mula 5.8% na paglago noong 3rd quarter ng 2022 tungong 5.5% sa parehong quarter noong 2023. Ang serbisyo, na pinakalamaking bahagi ng ekonomiya, mula sa 9.3% noong 3rd quarter ng 2022, napagal ito sa 6.8% noong 2023.

Kung titingnan ang GDP sa usapin ng paggastos, makikita rin na tumamlay ang paggastos ng mga sambahayan o ang mga pamilya, o yung tinatawag na *household consumption*, mula 8% na paglago noong 3rd quarter 2022 tungong 5% lang noong 3rd quarter ng 2023. Malinaw na *indicator* ito ng paghina ng kakayahang bumili ng pamilyang Pilipino.

Paano kung ganoon ipaliliwanag ang bahagyang mas mabilis na paglago ng ekonomiya nitong 3rd quarter kesa noong 2nd quarter ng 2023? Lumalabas na nagmumula ito sa lumaking paggastos ng gobyerno, o yung tinatawag na *government consumption*, at partikular ito sa konstruksyon. Sa madaling sagot, nagbubuhos nang malaki ang gobyerno para buhayin ang ekonomiya ng mga negosyante sa imprastruktura, konstruksyon, *real estate*, *shopping malls*, mga bangko, at sa mga negosyong makikinabang sa pagpapaganda ng imprastruktura, katulad ng transportasyon, enerhiya, kuryente, tubig, at kalakalan.

Samantala, walang maririnig sa administrasyong Marcos Jr tungkol sa tuloy-tuloy na pagnipis ng bahagi ng mga produktibong sektor sa ekonomiya. Nasa 17.6% na lamang ng GDP ang manupaktura, pinakamaliit sa loob ng 75 taon.

Nasa 8.4% naman ang agrikultura, pinakamaliit sa kasaysayan, sa kabila ng pagpostura ni Bongbong Marcos na pamunuan ang kagawaran ng agrikultura. Lumago ang agrikultura nang 1.1% lang sa unang tatlong quarters ng 2023, wala pa sa kalahati ng taunang *average* na 2.4% sa nagdaang 25 taon. Ampaw, mababaw at hindi solido ang pundasyon ng ekonomiya ng Pilipinas. Kaya kahit pa manguna ito sa paglago sa buong Asya ay indikasyon lamang ito ng paglaki ng tubo at yaman ng iilan.

Maipamamalas ang kahungkagan ng kasalukuyang ipinagmamalaking paglago ng ekonomiya sa kung paanong hindi ito lumilikha ng trabaho para sa nakararami. Hindi binabanggit ng administrasyon na kasabay ng penomenon ng diumano bumababang unemployment rate ang bumababa ring *labor force* o ang pwersa ng paggawa. Bawas ito ng 1.6 milyon noong Nobyembre 2023 kahit pa tuloy-tuloy na tumataas ang populasyon ng nasa edad na para magtrabaho. Sinasabi lang ng economic managers na kesyo dumami raw ang bilang ng mga estudyante, maybahay at matatanda na nagdesisyong hindi maghanap ng trabaho.

Napakalaki ng 1.6 milyon. Ang totoo, parami nang parami ang bilang ng mga manggagawang nasisiraan ng loob sa paghahanap ng trabaho, o yung mga tinatawag na *discouraged workers*. At dahil sa binagong depinisyon ng pamahalaan ng kawalan ng trabaho, o *unemployed*, hindi nito isinasama ang discouraged workers sa pwersa ng paggawa. Ang suma, mas mababang unemployment rate, at ikinukubli nito ang milyon-milyong manggagawa na walang mahanap na trabaho.

Tinataya ng IBON na aabot sa 4 milyon ang totoong bilang ng walang trabaho sa bansa, sa halip na 1.83 milyon na iniuulat ng gobyerno. Samantala, sa sinasabing may trabaho, o *employed*, tinataya rin ng IBON na 70-80% ang di-pormal na manggagawa – walang kaseguraduhan sa trabaho, mababa ang sahod o kita, walang benepisyo, walang suportang serbisyong panlipunan, at bulnerable sa krisis at higit na pagsasamantala.

Bukambibig ng administrasyong Marcos Jr na bumubuti ang kalagayan ng paggawa sa bansa. Pero sa muling pagbubukas ng ekonomiya pagkatapos ng pandemya nabubunyag lang ang lumalalang krisis sa trabaho – ang kawalan nito at mababang kalidad ng trabahong nalilikha.

Hindi rin pinatatampok ng administrasyong Marcos Jr ang pagbagsak ng empleyo sa manupaktura. Nitong Nobyembre 2023, nabawasan ng 1.4 milyong trabaho sa sektor kumpara sa parehong panahon noong 2022, halos sangkatlo ng pwersa nito sa paggawa at pinakamalalang pagliit ng empleyo sa loob ng 20 taon. Bumagal ang paglago ng bolyum ng produksyon ng manupaktura mula 6.4% growth rate noong Nobyembre 2022 tungong 1.9% na lamang noong Nobyembre 2023. Mababa ang *demand*, ayon sa gobyerno, partikular sa pandaigdigang ekonomiya. Ang problema, lubhang nakaasa ang ekonomiya ng Pilipinas sa pandaigdigang ekonomiya – para sa imported na mga produkto at komponent o hilaw na materyales (ng *exports* mismo) at para sa dayuhang pamumuhunan laluna sa manupaktura (ng exports din mismo).

Bumaba ang netong dayuhang pamumuhunan, o *foreign direct investment* (FDI) sa unang 10 buwan ng 2023 nang 18% (US$6.5 bilyon lang), kumpara sa parehong panahon noong 2022. Wala pa ito sa kalahati ng US$12 bilyong FDI noong 2021. Hindi FDI ang tulak sa pinagmamalaking BOP surplus at komportableng lebel ng GIR, kundi ang OFW *remittances*. Ang totoo, nanumbalik lang ang pagsusumikap ng mga migranteng Pilipino na makapagtrabaho sa *abroad* at agarang makapagpadala sa pamilya ng dolyar na panggastos.

Paborable ang krisis sa trabaho para sa pagpapanatili ng mababang pasahod at sa gayon ay maging kaakit-akit sa dayuhang namumuhunan. Sa Metro Manila, Php610 lang ang minimum na arawang sahod, samantalang sa taya ng IBON Php1,188 ang dapat na *family living wage* (FLW), o yung nakabubuhay na sahod para sa isang pamilya na may limang miyembro. Mas kalunos-lunos ang agwat ng minimum na sahod sa FLW sa ibang rehiyon. Tuloy-tuloy lang din ang pagdausdos ng tunay na halaga ng kakarampot na pasahod, dahil kapos na kapos ang pakitang-taong umento na naaprubahan sa nakalipas na dalawang taon.

Wala ring dapat ikatuwa ang economic managers ng administrasyong Marcos Jr sa pagbagal ng inflation noong Disyembre 2023, dahil lumalabas na 6% ang average inflation rate sa buong 2023, pinakamataas pa rin sa loob ng 15 taon. Mas mataas pa nga ito, abot 6.7 porsyento, para sa pinakamahihirap na 30% ng populasyon, tulak ng napakataas na 8.2% pagtaas ng presyo ng pagkain. Pangunahing dahilan dito ang pagsirit ng presyo ng bigas noong 2023.

Kabulastugan ding sabihin na naging epektibo ang mga hakbangin ng gobyerno para pabagalin ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Ang totoo, kahit paulit-ulit pang bigkasin ng pangulo ang “seguridad sa pagkain”, walang pakialam ang gobyernong Marcos Jr sa pagpasan ng mahirap sa mataas na presyo ng pagkain at iba pang batayang bilihin.

Sa dulo, wala ring katotohanan sa eksaheradong paghusay ng *fiscal position* ng gobyerno, o ang kalagayan ng kanyang pinansya. Ang totoo, triple ang gross borrowings ng gobyernong Marcos Jr na umabot sa Php3.2 trilyon sa unang 17 buwan nito kumpara sa gross borrowings ng nagdaang administrasyon sa parehong panahon. Ang ikinatutuwa na lamang ng mga nagpapautang at *credit ratings agencies*, o yung mga ahensya na nagbibigay ng grado sa pamahalaan sa usapin ng utang, ay yung paggamit ng administrasyong Marcos Jr ng kanyang inuutang bilang pambayad utang. Umabot sa Php2.3 trilyon ang *debt servicing* ng gobyerno, o pambayad ng interes at amortisasyon, katumbas ng 72% ng kanyang gross borrowings.

Tumaas ang revenues. Oo, kasi piniga ng gobyerno ang mahirap at *middle class* sa pagbubuwis ng kanilang konsumo, habang binawasan naman ang buwis ng mga korporasyon, namumuhunan, at super-mayaman. Sa kabilang banda, sige pa rin ang paggastos ng gobyerno para sa imprastruktura. Kabaliwan ito dahil kung titingnan ang naging karanasan noong 2016-2019, hindi naman napigil ng paggastos sa imprastruktura ang pagbagal ng ekonomiya at pagdausdos ng agrikultura at manupaktura. Paano napahupa ng gobyernong Marcos Jr kung gayon ang depisito nito? Naghigpit ng sinturon ang gobyernong Marcos Jr sa paggastos para sa ayuda at panlipunang serbisyo para sa mga naghihikahos na mamamayan.

Pagkatapos na absolutong lumiit ang badyet sa kalusugan noong 2023, maliit lang ang paglaki ngayong 2024. Patuloy ang pagpapalakas ng gobyerno sa iskema ng *insurance* sa pamamagitan ng maanomalyang PhilHealth imbes na mas paglaanan ng pondo ang direktang pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan sa mga tao. Puro pagmamalaki ang pangulo sa kanyang SONA na kesyo magpapatayo siya ng maraming pasilidad at ospital, pero wala naman naging malaking dagdag na badyet para rito. Hawak naman ng mga pribadong korporasyon ang kalakhan ng mga ipinagmamalaki ni

Bongbong Marcos na malalaking proyekto para sa kalusugan. Gagawin lang negosyo ang kalusugan.

Lumiliit naman ang bilang ng mga kabataang Pilipino na hindi makapag-enrol. Sa *school year* (SY) 2023-2024, umabot lamang sa 26.9 milyong estudyante ang nakapag-enrol. Mas mababa ito kaysa mga nakaraang taon: 28.8 milyon (SY 2022-2023) at 27.2 milyon (SY 2021-2022). Sa 17 rehiyon sa bansa, Metro Manila lang ang nagkaroon ng pagtaas sa bilang ng *enrollment*.

Nakababahala rin ang resulta ng isang pag-aaral ng World Bank na nagsasabing 90% ng mga estudyanteng Pilipino na may edad 10 taon ang hindi makabasa at makaunawa ng mga babasahin na angkop sa kanilang edad. Nakita rin sa pag-aaral na isa ang Pilipinas sa mga pinakamahina sa ilang *core subjects* tulad ng *reading, math,* at *science*. Pero hindi na nakakagulat ito, laluna't wala namang alam at kasanayan ang kalihim ng kagawaran ng edukasyon, si bise presidente Sara Duterte, na mas inatupag ang pagkuha ng *confidential and intelligence funds* at gamitin ito sa pag-atake ng mga aktibista at progresibong estudyante at mamamayan.

Noong bagong upo si Marcos Jr, ipinagyabang niya na mayroon siyang programa para tugunan ang malaking kakulangan sa pabahay. Nangako ito na tatapusin ang 6 milyon na *housing backlog* sa pagtatapos ng kanyang termino sa 2028. Boladas ang target ng gobyernong Marcos Jr na makapagpagawa ng 1 milyong pabahay kada taon dahil sa pinakahuling rekord ay nakapagpatayo lamang ang kagawaran ng pabahay ng 291,154 sa buong panahon ng 2021 hanggang Hunyo 2022. Hindi rin naman binibigyan ng kaukulang badyet ang pabahay, na umaabot lang sa 1% ng kabuuang badyet. Ipinapasa lang ito sa mga malalaking korporasyon ng real estate na pinagkakakitaan ang pabahay at naniningil ng mataas na upa o amortisasyon.

Ang kahinaan ng ekonomiya na makalikha ng makabuluhang trabaho, ang binabarat na pasahod, ang kawalan ng sapat na panlipunang serbisyo – ang mga ito ang nagbabaon sa mamamayan sa kumunoy ng kahirapan. Pero hindi naman ito inaamin ng gobyerno, bagkus may pagkukubli pa nga sa pagbibilang at pag-uulat ng datos sa kahirapan.

Ayon sa opisyal na datos, bumaba ang *poverty incidence* sa bansa mula sa 18% noong unang semestre ng 2021 patungong 16.4% sa unang semestre ng 2023. Mayroon daw 230,000 pamilya ang nakaahon sa kahirapan. Dagdag pa ng gobyerno, 15 sa 17 rehiyon ang nakaranas ng pagbaba ng poverty incidence. Positibo itong ibinalita ng pamahalaan at pakiramdam nito ay maaabot ang ambisyosong target na 9% poverty incidence sa 2028.

Kaya lang, hindi patas ang pagkumpara sa 2021 at 2023. Kagagaling lang ng bansa sa matinding *lockdown* noong 2021, at natural lang na mas bababa ang bilang ng mahirap sa 2023 dahil muling nagbukas ang ekonomiya. Ang hindi binabanggit, mas mataas ang bilang ng mahirap ngayong 2023 kumpara noong 2018, ang huling taon ng datos bago magpandemya. Kung ikukumpara ang 2023 sa 2018, nadagdagan ng 472,000 pamilya o 3 milyong Pilipino ang bilang ng mahirap. Mas mataas pa ang bilang ng mahirap kung tutuusin dahil base ang opisyal na datos sa di-makatotohanang pamantayan ng kahirapan na Php91 kada tao kada araw. Ayon sa *self-rated poverty survey* ng Social Weather Station (SWS), may 75% ng pamilya na ang tingin sa sarili ay mahirap (poor) at nasa hangganan ng kahirapan (borderline poor).

Sa kabila ng mabulaklak na ulat ng pamahalaan tungkol sa pagrekober ng bansa mula sa pandemya, malaki ang bilang ng pamilyang Pilipino ang hindi na nakaahon sa kahirapan. Hungkag ang sinasabing patungong pag-unlad na ang bansa kung naghihikahos naman ang kalakhan ng populasyon. Saan napunta ang binabanggit na paglago ng ekonomiya, kung ganoon? Sino ang nakinabang? Walang iba kundi ang mga super-mayaman, ang kanilang malalaking korporasyon at negosyo, ang mga dayuhang namumuhunan, at ang mga opisyal ng gobyerno na nabibiyayaan, pang-ekonomiya man o pampolitika. Para sa kanilang lahat may kahulugan ang macroeconomic figures.

Lumaki nang 24% ang kabuuang kita ng top *1,000 corporations* sa bansa noong 2022, mula Php13.4 trilyon noong 2021 tungong Php16.7 trilyon noong 2022. Mga dayuhang korporasyon (TNCs) ang kumita ng sangkatlo (1/3) sa nabanggit na kabuuang kita. Nasa manupaktura ang kalakhan. Samantala, 27% ng kabuuang kita ng mga TNCs ay sa US TNCs at 23% naman ang sa Japan TNCs.

Lumaki nang 37% (mula Php8.96 trilyon noong 2021 tungong Php12.25 trilyon noong 2022) ang kabuuang kita ng 50 pinakamalalaking korporasyon sa bansa. Kung ipopokus lang natin sa 10 pinakamalalaking korporasyon, 49% ang paglaki ng kanilang kita (mula Php4.4 trilyon noong 2021 tungong Php6.6 trilyon noong 2022.) Mahirap isipin at tanggapin na sa mga panahong iyon hindi man lang gumalaw ang sahod ng mga manggagawa.

Mas kakilakilabot kung titingnan naman natin ang mga bilyonaryo. Lumaki nang 13.6% ang yaman ng 50 pinakamayayaman sa Pilipinas noong 2023. Nadagdagan ng Php537.2 bilyon tungong Php4.48 trilyon sa total mula 2022. Kung ipopokus lang sa 10 pinakamayayaman, lumaki ang yaman nila nang 21.9%, abot sa Php2.97 trilyon, na nagpapakita na sobrang konsentrado ang yaman sa iilan. Mahirap din isipin at tanggapin na habang tumataas ang presyo ng bilihin para sa mahirap dahil sa buwis sa kanilang konsumo, hindi man lang nabubuwisan ni kusing ang yaman ng mga bilyonaryo.

Namamayagpag ang mga *oligarchs* sa ilalim ng gobyernong Marcos Jr.
Si Manny Villar na ang pinakamayaman sa Pilipinas sa ngayon, ayon sa internasyonal na listahan ng Forbes 500. (Ibig sabihin, hindi kasama ang mga hindi naiuulat na yaman.) May *net worth* siyang Php471.2 bilyon noong 2023, mas mataas nang 9.2% mula 2022.

Gayundin si Enrique Razon Jr. Lumago ang kanyang net worth mula sa Php348.2 bilyon noong 2022 hanggang sa Php400 bilyon sa 2023. Isa siya sa mga VIP na dinala ni Marcos Jr sa Asia Pacific Economic Cooperation (APEC) Leaders' Forum sa California. Halos doble naman ang yaman ni Ramon Ang mula Php104 bilyon noong 2022 tungong Php186.4 bilyon noong 2023. Isa si Ramon Ang sa mga oligarchs na lubhang napapaboran ng administrasyong Marcos Jr ng mga malalaking proyektong imprastruktura.

Wastong sabihin na nagpapakasasa ang mga oligarchs dahil napapaboran sila ng maka-negosyo na mga patakaran ng gobyerno. Pero mas mahalagang banggitin na sa kabilang banda ang mga oligarchs ang nagpapatakbo ng gobyerno ng Pilipinas. Hawak nila Manny Villar, Enrique Razon, at Ramon Ang ang tatlo sa limang pinakamalalaking partido politikal sa bansa: Nacionalista Party ni Manny Villar, National Unity Party ni Enrique Razon, at Nationalist People's Coalition ni Ramon Ang.

Naipwesto rin ni Marcos Jr sa mga susing posisyon sa Gabinete ang mga tauhan sa negosyo ng mga oligarchs. Halimbawa na lang si Manny Bonoan, na galing sa San Miguel Corporation (SMC) Tollways na pagmamay-ari ni Ramon Ang, ay itinalagang kalihim ng Department of Public Works and Highways (DPWH). Nasa Senado naman ang asawa at anak ni Manny Villar, na sina Cynthia at Mark.

Pundamental ang krisis ng ekonomiya ng Pilipinas – pinabayaang agrikultura at kawalan ng sariling industriya o sadyang pag-iwas sa masalimuot pero progresibong landas ng industriyalisasyon. Sa halip, obsesyon ng gobyerno ang masugid na pagsandig sa dayuhang pamumuhunan para sa pagpapasigla ng ekonomiya. Wala namang problema sa pagpasok ng dayuhang pamumuhunan o FDI, basta ayon sana ito sa matinong plano at patakaran ng industriyalisasyon ng estado para sa malawakang kapakinabangan ng mamamayan. Istrikto rin sanang napangangasiwaan ang FDI ng pamahalaan. Pero hindi iyon ang nangyayari.

Pagpapatuloy ng neoliberalismo ang estratehiya ng gobyernong Marcos Jr para sa ekonomiya – patuloy na liberalisasyon ng ekonomiya sa dayuhan at pribadong kapital maski sa mga estratehikong sektor at serbisyo, patuloy na importasyon maski ng mga batayang pangangailangan, at patuloy na pamamayagpag ng mga korporasyon at walang-habas na pagkakamal ng super-tubo. Isa lang ang napakalalang di-pagkakapantay-pantay sa mga resulta ng depektibo at bangkaroteng estratehiyang ito.

2 Paano ipinapaliwanag ang kamalian ng *economic strategy* ng gobyernong Marcos Jr?

Mali ang economic strategy ng isang pamahalaan kapag nagreresulta ito sa atrasadong ekonomiya, kawalan ng kasarinlan, o malayong agwat ng mayaman sa mahirap. Sa loob ng mahigit 40 taon, nasa balangkas ng neoliberalismo ang gobyerno ng Pilipinas. Yakap-yakap nito ang mga patakaran ng liberalisasyon ng dayuhang produkto at kapital; pribatisasyon at pagpapatakbo ng pribadong sektor ng mga serbisyong pampubliko; at deregulasyon at pagpapaubaya ng estado ng kanyang mahalagang papel sa mga korporasyon. *Market efficiency,* o kahusayan ng merkado,

ang pundamental na prinsipyo ng neoliberalismo sa halip na malakas na interbensyon ng estado.

Mahigit 40 taon na umasa ang gobyerno ng Pilipinas sa mirakulo ng dayuhang pamumuhunan para sa pag-unlad. Nakabalangkas dito ang kanyang paggawa ng mga batas, programa, at mga tinatawag na *development plans*. Mas maraming FDI na pumapasok, mas maigi. Mas maluwag sa negosyo, mas kaigaigaya. Mas maraming sektor na bukas sa dayuhan at malalaking lokal na negosyante, mas sigurado ang progreso. Kaya naman laging nakatuon sa pandaigdigang ekonomiya at palagiang nakikinig sa dikta ng mga dayuhang kapangyarihan ang gobyerno ng bansa.

Sa mahigit 40 taon, dumausdos ang pundasyon ng lokal na ekonomiya. Numipis ang bahagi ng agrikultura at manupaktura sa GDP sa pinakamaliit sa kasaysayan at sa mahabang panahon. Walang naitayong sariling industriya ang bansa at malayo na ito sa tahak ng industriyalisasyon, di tulad ng mga karatig-bansa natin. Nagmistulang ekonomiyang panserbisyo at pangkalakal ang Pilipinas sa halip na maging ekonomiyang lumilikha ng maraming produkto. Dominado ito ng dayuhang kapitalista at burgesya kumprador. Nawalan ng kakayahan ang ekonomiya na lumikha ng makabuluhan at permanenteng mga trabaho. Lumobo ang bahagi ng mga bulnerableng trabaho sa paggawa at lumaki ang bilang ng mga OFW.

Sa mahigit 40 taon, lumago ang pumapasok na FDI sa ekonomiya at ang bahagi nito sa GDP, pero hindi naman nagrehistro ng karampatang paglago mismo ng GDP. Pumasok ang kalakhan ng FDI sa manupaktura, pero katulad ng nabanggit, dumausdos naman ang manupaktura. Hindi rin ito lumikha ng inaasahang mga trabaho, bagkus katulad ng nabanggit, lumala ang krisis sa trabaho. Naghari lang ang dayuhan sa pamumuhunan sa bansa at nilamon nito ang mga lokal na kapitalista.

Kroniko lang din ang depisito ng bansa sa kalakalan. Ang mga exports na inaasahang magpapasok ng kita para sa bansa ay hawak naman ng mga dayuhan na nag-iimport lang din ng kanilang mga komponent at hilaw na materyales. Ang kinalabasan, mistulang lokasyon lang ang Pilipinas ng negosyo ng dayuhan – tagapagbigay ng magandang imprastruktura at

murang lakas-paggawa, habang walang naiiwang teknolohiya, kaalaman at kasanayan para sana sa kanyang industriyalisasyon.

Lumala pa ang depisito sa kalakalan dulot ng pag-alis ng mga nalalabing sagka sa pagpasok ng mga imported na produkto pati produktong agrikultural at pagkain. Nanguna pa ngang sumali ang Pilipinas sa todo-liberalisasyon sa ilalim ng World Trade Organization (WTO), maski walang tibay na naipundar ang bansa sa sariling produksyon. Tumaas ang *import-dependency,* o ang pag-asa sa imported na mga produkto ng bangkaroteng ekonomiya, na kinailangang tustusan ng pangungutang sa dolyar.

Hindi lang lumobo ang utang ng Pilipinas kundi nasadlak ito sa kumunoy ng pangungutang. Kondisyon ng mga internasyonal na institusyong pampinansya (katulad ng IMF, World Bank, o ADB) at ng maliliit na grupo ng makapangyarihang mga bansa at ng kanilang mga *investors* (katulad ng G7 o OECD) ang tuloy-tuloy na pagpapatupad ng neoliberalismo. Ang siste, ito rin naman ang nagbaon sa atin sa utang dahil sa mga patakarang alisin ang mga taripa sa importasyon; huwag buwisan ang dayuhan at malalaking lokal na mga negosyo; alisin ang subsidyo ng pamahalaan sa mga mahahalagang sektor at serbisyo; at magpaubaya sa mga korporasyon. Kaya naman, kaakibat ng neoliberalismo ang papel ng gobyerno na maningil ng buwis sa konsumo ng naghihirap na mayorya at tipirin sila sa panlipunang serbisyo.

May pagtalikod ba ang administrasyong Marcos Jr sa neoliberalismo? Nangako ang pangulo ng *comprehensive all-inclusive economic transformation* – nakakamanghang pakinggan kung totoo, pero hindi. Nanatili lang ang inilatag niyang Philippine Development Plan 2022-2028 sa luma at bulok na balangkas ng neoliberalismo.

Makikita kaagad ang kamalian ng ganitong pagpapatuloy ng laos na patakaran, kahit pa magpaka-ignorante ang gobyernong Marcos Jr sa kasaysayan. Kung babasahin lang ang mga kasalukuyang kaganapan, makikitang isang kahibangan ang patuloy na pagkapit sa neoliberalismo. Nasa krisis ang pandaigdigang ekonomiya na lubhang inaasahan ng gobyernong Marcos Jr. Bumabagal ang dayuhang pamumuhunan at may ‘gera’ sa pandaigdigang kalakalan ang US at China. Nagtatayong muli ng proteksyon ang mga makapangyarihang bansa sa kanilang mga sariling ekonomiya sa

tindi ng krisis. Lumalaki ang utang sa daigdig at bahagi nito sa global na GDP. Tumitindi ang panggegera ng US at pangkakayag ng mga bansa na tinutukoy nitong kaaway para mapanatili ang dominasyon sa mundo.

Hindi rin nakatingin ang gobyernong Marcos Jr at ang kanyang economic managers sa mga nakasanayang indicators para malaman na hindi na talaga umuubra ang neoliberalismo. Humihina ang household consumption at kalunos-lunos ang kagalingan ng mga pamilya. May limitasyon din ang revenues laluna kung sa mayoryang mahirap lang tumututok ang pamahalaan at hindi sa mga bilyonaryo at super-mayaman. Pero nagbubulag-bulagan o sadyang buligaw ang gobyernong Marcos Jr. Baliw itong ulit-ulitin ang mali at umasang may mas magandang resulta sa huli.

Agad nagpatupad ang gobyernong Marcos Jr ng *austerity*, o ang pagtitipid sa panlipunang serbisyo habang binibigyan ng insentiba ang negosyo. Nasa Php5.8 trilyon ang aprubadong badyet para sa 2024, 16.6% ang nakalaan para sa malalaking proyektong imprastruktura para sa komunikasyon, mga daan, at transportasyon. Mas malaki ito sa pinagsama-samang badyet para sa kalusugan, pabahay, *social security, welfare, and employment*, pabahay, at *land distribution.*

Prayoridad din at *certified urgent* ni Bongbong Marcos ang mga bagong buwis na dapat ipasa ng Kongreso. Nakasalang na ang ilang *tax proposals,* tulad ng buwis sa *online shopping* at *single-use plastic* na dagdag-gastos lang sa ordinaryong mamamayan. Samantala, tutol ang gobyernong Marcos Jr sa umiigting na panawagan ng buwis sa yaman ng mga bilyonaryo, o ang *billionaire's wealth tax*.

Samantala, ginagamit namang dahilan ang kababaan ng rekurso para sa panlipunang serbisyo para ilagay ito sa kamay ng mga pribado at dayuhang korporasyon. Ginagawang legal ng gobyernong Marcos Jr ang pagbubukas ng mga pampublikong serbisyo, na dapat ay responsibilidad ng estado, sa pagkamal ng tubo ng pribadong sektor.

Nakikinabang ang administrasyong Marcos Jr sa operasyon ng Universal Health Care (UHC) Law na ipinagtulakan ng mga naunang administrasyon. Itinutuon nito ang kalusugan ng publiko sa oryentasyon ng insurance sa halip

na direktang pagbibigay ng serbisyo ng estado. Pinapagana rin nito ang mga pampublikong ospital na parang korporasyon. Ang resulta, mas malaki ang ibinabayad ng mga pasyente na galing sa sarili nilang bulsa kaysa galing sa kaban ng bayan.

Maihahalintulad dito ang kalagayan ng pabahay. Katulad ng nabanggit na, ipinapasa lang din ang tinatawag na pabahay para sa mga komunidad sa malalaking *real estate developers* para pagkakitaan. Maaasahan na ang mga pabahay na maipapatayo sa ilalim ng administrasyong Marcos Jr ay hindi abot-kaya at hindi mapapakinabangan ng ordinaryong mamamayan.

Tagumpay ring naipasa ng administrasyong Marcos Jr ang *amendment* sa Public Service Act (PSA) noong 2023. Liberalisasyon ng mga susing pampublikong serbisyo ang intensyon ng amendment. Pinapayagan na ang 100% na pagmamay-ari ng dayuhan sa pagpapatayo at operasyon ng mga *airports, railways, expressways,* at *telecommunications.*

Hindi na rin naman malaking bagay ang pagpapanatili ng PSA ng 60-40 porsyentong limitasyon sa mga sumusunod: *electricity transmission and distribution* (dahil pribatisado naman na ang power sector); *water and wastewater pipeline distribution system including sewerage*; (dahil pribatisado naman na ang water services); *petroleum and petroleum products pipeline transmission systems* (dahil deregulated naman na ang industriya ng langis); *seaports* (dapat nga 100% sa estado ito); at *public utility vehicles* (dapat nga pambansa ito, pero binubuksan ng gobyernong Marcos Jr sa pagnenegosyo ng mga korporasyon). Sa suma, hindi lang pampublikong serbisyo ang isinusuko ng gobyernong Marcos Jr dahil sa PSA, kundi pati pambansang seguridad ay isinasangkalan din.

Tumaas ang singil sa kuryente at tubig dahil sa pribatisasyon. Mas mataas naman ang presyo ng langis dahil sa deregulasyon at pagbubuwis ng pamahalaan sa konsumo ng produktong petrolyo. Ang mga monopolyo lang katulad ng Meralco, Maynilad, Manila Water, at Prime Water ng mga Villar ang namamayagpag sa mga sektor na ang estado sana ang namumuhunan. Monopolyo rin kung ganon ang pagprepresyo at paniningil. Nanatili rin namang bulok at hindi maaasahan ang serbisyo.

Bukambibig naman ni Bongbong Marcos ngayon laluna sa mga biyahe niya abroad ang pagsusulong ng *renewable energy*. Unilateral at hindi dumaan sa proseso pa niyang inanunsyo sa buong mundo na bukas na ang sektor ng renewable energy ng Pilipinas sa 100% pagmamay-ari ng dayuhan. Nakikisakay at nakikiuso ang pangulo dahil nasa sektor na ito ang interes ngayon ng mga dayuhang namumuhunan. May pagpapanggap ding may malasakit siya sa isyu ng *climate change* bilang konteksto ng pagpapaunlad ng renewable energy para makuha ang anumang dayuhang pinansya, kapital man o pautang, sa ngalan ng climate change.

Ipinagpatuloy lang din ng administrasyong Marcos Jr ang pagbibigay prayoridad sa programang imprastruktura ng administrasyong Duterte. Malalaki ang mga proyekto na hindi naman sa kapakinabangan ng mamamayan. Walang masama sa pagkakaroon ng proyektong imprastruktura kung ang mga ito ay para sa edukasyon, kalusugan, industriya at agrikultura, pero hindi naman sa mga sektor na ito ang mga proyektong prayoridad ng gobyerno.

May inilatag na 198 *infrastructure flagship projects* ang administrasyong Marcos Jr. Nagkakahalaga ang lahat ng ito ng Php8.78 trilyon. Mahigit 50 proyekto na may total na halagang Php2.53 trilyon ay popondohan ng *public-private partnership* (PPP) at iba pang anyo nito. Mahigit 44 naman sa mga proyektong PPP ay para sa kalsada, expressways, mga tulay, at iba pang para sa *physical connectivity*.

Kaya naman sinikap ng administrasyong Marcos Jr na mapatupad ang panibagong PPP Code na napirmahan noong 2023. Mas mapapadali nito ang pagpasok ng mga pribadong korporasyon sa mga proyekto ng gobyerno dahil pinabilis ang proseso sa mga tinatawag na *unsolicited proposals*, o yung mga panukalang proyekto ng pribadong sektor maski wala naman sa listahan ng mga plano o pangangailangan ng gobyerno. Sa ganitong iskema, mas binigyan ng kapangyarihan ang mga korporasyon ng imprastruktura na magdesisyon at gamitin ang pondo ng bayan (dahil PPP nga ito) para itayo at paunlarin ang mga imprastrukturang magsisilbi sa kanilang negosyong interes.

Halimbawa ng mga unsolicited proposals ang MRT-7, Bulacan Aerotropolis International Airport, at ang Davao Sasa Port. Hawak ang tatlong proyektong ito ng San Miguel Corporation ni Ramon Ang na malapit na oligarch sa pangulo.

Pabor ang pagbibigay-prayoridad sa mga proyektong ito sa mga dayuhang korporasyon na may pamumuhunang interes sa bansa. Maipagmamalaki na ngayon ng gobyernong Marcos Jr sa mga dayuhan na may *infrastructure capacity* na ang bansa para mas mapaalwan ang pagtatayo nila ng mga negosyo rito. Hindi lang imprastruktura ang nakalatag na, pati mga batas na magpapadali sa pagnenegosyo, o yung ipinagmamalaki ng economic managers na *ease of doing business*. Higit sa lahat, nariyan pa ang gobyerno na handang tustusan ang mga proyekto.

Isa ito sa mga dahilan kung bakit niratsada ng Kongreso ang kontrobersyal na Maharlika Investment Fund (MIF) – ang pagkakaroon ng pondo mula sa kaban ng bayan na maaaring gamitin ng mga oligarchs para sa kanilang mga proyektong diumano ay pangkaunlaran. Malaking benepisyo ang MIF sa mga oligarchs na humahawak ng mga proyektong imprastruktura dahil hindi na nga sila gagastos nang malaki ay may malaking ganansya pa sila sa operasyon ng mga ito. Ang isang dahilan syempre kung bakit garapalan ang pagmamadali sa pagpasa ng MIF ay ang pakinabang na makukuha ng kampo ni Marcos Jr. Mula ito sa pagbibigay pabor sa kanyang mga oligarchs at kroni at sa paggamit ng pondo mismo. Super-pork ang MIF – hindi nga lang para sa boto ng mahirap kundi para sa pabor ng mga naghaharing uri.

Maliban sa MIF, ang paglobo ng utang ng gobyerno ang siguradong panustos sa kontra-produktibong imprastruktura. Malaking bahagi ng badyet ang napupunta sa imprastruktura at pampublikong konstruksyon. Bukod sa doon napupunta ang utang, binibigyang kumpyansa ng gobyernong Marcos Jr ang mga dayuhang namumuhunan at nagpapautang na mahusay itong mangutang at magbayad-utang.

Nakasalang naman sa ngayon sa Senado ang National Land Use Act (NaLUA) na literal na hahawan ng daan para sa mga proyektong imprastruktura. Sa ngalan ng *market orientation* sa neoliberalismo, nirereklasipika ang gamit ng lupa para bigyang prayoridad ang pag-

unlad ng imprastruktura. Sa ngalan ng *land development*, praktikal na pinahihintulutan ng NaLUA ang malawakang pangangamkam ng lupa. Maaari ring maisawalang-bahala ang mga lupang agrikultural at protektadong mga erya na esensyal sa pagkakaroon ng balanse sa kalikasan. Mapapadali ng batas ang *land use conversion* at *land reclamation,* parehong obsesyon ng gobyerno, sa kanyang pagkukumahog sa dayuhang pamumuhunan.

May 102 proyekto sa ilalim ng National Reclamation Plan, 43 rito ay nasa Manila Bay na may sukat na 32,430 ektarya. Ito ay 85% ng kabuuang sukat ng land reclamation sa buong bansa. Kontrobersyal ang land reclamation dahil matindi ang epekto nito sa buhay at kabuhayan ng komunidad, ekolohiya at kapaligiran. Kamakailan ay pinahinto ng pangulo ang lahat ng proyekto sa Manila Bay, kesyo raw irerebyu ang mga *environmental compliance* ng mga ito. Pero hindi niya sinama sa suspensyon ang pinaka-kontrobersyal na 2,500-ektaryang Bulacan Aerotropolis International Airport ni Ramon Ang. Makalipas ang tatlong buwan, pinayagan na ni Bongbong Marcos ang 265-ektaryang Pasay Harbour Reclamation Project ng lokal na pamahalaan at ang 310-ektarya ng SM Smart City Infrastructure and Development Corp. na dugtong sa SM Mall of Asia complex.

Sa ilalim din ni Marcos Jr ay naratipika sa wakas ang kasunduang pangkalakalan, ang Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP), na may layong palaparin pa ang kalakalan sa China, Japan, South Korea, Australia, New Zealand, at sa 10 bansa ng ASEAN. Wala na ngang proteksyon ang gobyerno sa lokal na ekonomiya ng Pilipinas ay sige pang sali nito sa mga liberal na kasunduan tulad ng RCEP. Hindi tuloy kataka-taka na ang bukambibig na patakaran ni Bongbong Marcos kapag tumataas ang presyo ng bilihin o di kaya'y nagkukulang ang lokal na suplay ay ang mag-import.

Katwiran ni Bongbong Marcos na ang pagiging dakila ng isang ekonomiya ay nasusukat sa halaga ng kalakalan na dumadaan dito. Kabalintunaan ang ganitong prinsipyo sa ekonomiks. Walang bansang umunlad at nagsarili na pakikipagkalakalan at hindi solidong produksyon ang ginawang panukat at paraan. Kitang-kita na hindi inaral ni Bongbong Marcos ang kasaysayan ng ekonomiya ng Pilipinas. Kroniko ang depisito sa kalakalan ng Pilipinas dahil

nakinig lang ang gobyerno sa mga dayuhang amo at walang matibay na lokal na produksyon na masasandigan ang ekonomiya.

Sa katunayan, lumaki pa nang 38% ang depisitong ito, mula sa US$42.2 bilyon noong 2021 tungong US$58.2 bilyon noong 2022. Sa agrikultura, kung pagbabatayan na lang ang mga produkto na kayang-kaya sanang gawin ng Pilipinas, tumaas ang depisito nang 32%, mula US$8.9 bilyon noong 2021 tungong US%11.8 bilyon noong 2022. Sa unang tatlong quarters, 29% ang inilaki ng depisito mula US$6.6 bilyon noong 2021 tungong US$8.5 bilyon noong 2023. Sa 16 bansa na kabilang sa RCEP, isa ang Pilipinas sa 8 *losers* sa agrikultura, o yung mga bansang negatibo ang balanse sa pakikipagkalalan ng produktong agrikultural sa RCEP.

Kung may kasalukuyang halimbawa man ng kamalian ng economic strategy ng administrasyong Marcos Jr dahil absolutong neoliberal ang ginamit na balangkas, ito ang Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP). Sa wakas, naipagtulakan din ng gobyernong Marcos Jr ang programa na magreresulta sa *phaseout* ng mga tradisyonal na *jeepney*. Perpektong halimbawa ito ng walang-habas na pagpapatuloy ng neoliberal na patakaran para lang pagkakitaan ang isang mahalagang sektor maski pa kitang-kita na ang maidudulot nitong kapahamakan sa nakararami.

Una, ginamit ang teribleng *traffic* laluna sa Metro Manila para bigyang katwiran ang pagpapalit ng mga tradisyonal na jeepney ng moderno, kahit mali naman ang analisis sa sanhi ng traffic. Sunod, pwersahang pinagkokonsolida ang mga drayber ng jeepney sa ilalim ng kooperatiba o korporasyon na dapat ay may 15 modernong yunit. Mangangailangan ng kulang-kulang Php2 milyon kada yunit o Php30 milyon bawat kooperatiba o korporasyon. Tapos, maglalabas ang lokal na pamahalaan ng planong ruta (na dapat nauna sa konsolidasyon) at aaprubahan nito kung anong kooperatiba o korporasyon lang ang maaaring bumyahe sa ruta batay sa *bidding*. Walang-kurap pang nagmamaang-maangan ang gobyerno na ang ganitong sistema ng transportasyon ay hindi magdudulot ng mahal na pamasahe.

Hindi sinosolusyonan ng PUVMP ang traffic, ang kawalan ng masasakyan, mahabang paghihintay, matagal na paglalakbay, polusyon, mahal na pamasahe, di-ligtas na pagbyahe, at patuloy na paghahari ng mga pribadong

kotse sa daan. Pagkakakitaan lang ito ng mga korporasyon sa transportasyon, imprastruktura, *vehicle manufacturing*, *automotive sales*, real estate, at mga bangko. At katulad ng iba pang patakarang neoliberal, mangyayari ang pagpapasasang ito ng mga korporasyon sa kapahamakan ng libo-libong mga drayber at manggagawa sa sektor ng transportasyon na mawawalan ng hanapbuhay at ng milyon-milyong komyuter na hindi naman makikinabang.

Ang economic strategy na nananaig sa bansa sa pamumuno ni Marcos Jr ay para sa kapakinabangan at tubo ng mga dayuhang kapitalista, dayuhang kapangyarihan, internasyonal na institusyong pampinansya, nagpapautang, lokal na oligarkiya sa ekonomiya, at tumutubong opisyal ng pamahalaan. Sa kanila nagsisilbi ang gobyerno ng Pilipinas. Sineseguro niya, para sa sarili niyang pananatili, na ang pambansang ekonomiya ay magsilbi sa interes ng dayuhan at malalaking kapitalista, sa kanyang mga oligarchs at kroni. Walang konsiderasyon ito sa pagpapabuti ng ating kalagayan at sa tunay na pag-unlad, dahil sa huli, ang interes lang naman ng pamumuno ni Marcos Jr ay mahawakan ang poder.

3 Paano pinalalala ng mga namumuno sa politika ang krisis na dulot ng neoliberalismo?

Hindi nakatuon sa pagkakamit ng pang-ekonomiya at panlipunang pag-unlad, kalayaan at demokrasya, ang tradisyonal na politika sa Pilipinas. Ang obsesyon lang ng mga tradisyonal na politiko (trapo) at opisyal, totoo mang binoto o nandaya lang, ay mahawakan ang kapangyarihan. Kahit lumalala ang krisis na dulot ng neoliberalismo, hangga't lumalaki ang tubo ng dayuhan at lokal na oligarchs, paulit-ulit na ipinatutupad ang mga patakarang neoliberal ng mga nasa pamunuan. Paniguro ito ng paghawak at pananatili ng mga namumuno sa poder.

Para sa kanila, may apat na mahahalagang batayan: 1) ang kasiyahan ng mga oligarchs sa tuloy-tuloy na paglaki ng kanilang yaman; 2) ang konsolidasyon ng kapangyarihan sa kampo ng nasa poder at pagpapahina sa ibang paksyon sa naghaharing uri; 3) ang pagkuha ng suporta at pabor ng dayuhang kapangyarihan, partikular ng US; at 4) ang panunupil na dumudulo sa pag-atake sa mga pwersang nagnanais ng makabayan at demokratikong

pagbabago. Mahalagang idiin na kahit paminsan-minsan nakakaramdam ng dispabor ang oligarchs mula sa kampong nasa poder, sa pangkalahatan ay kontento ang mga ito sa pananaig ng neoliberalismo.

Hindi banayad ang pagkakaroong muli ng isang Marcos bilang pangulo at may hawak sa kapangyarihan. Dahil ito sa masasamang alaalang dulot ng pangalan mismo – dinastiko, diktador, magnanakaw – na kahit anong pilit na pambubura ng kampanya ng disimpormasyon ay nakaukit sa kolektibong alaala ng sambayanan. Kaya naman pilit na pilit at mabuway ang tema ng *unity*, o pagkakaisa, ni Marcos Jr at ng kanyang *running mate* noong 2022 eleksyon, ang bise-presidente Sara Duterte. Hindi rin naman kagandahan ang dala-dalang pangalan ni Sara Duterte, bagamat may paniniwala siya na kampo niya ang nagdala sa UniTeam. Noon pa man masasabi na nating hindi magtatagal ang pagpapanggap na pagkakaisa at magiging panandalian ang konsolidasyon ng kapangyarihan.

Wala pang isang taon sa posisyon, may mga senyales nang nabibiyak ang mga nasa kapangyarihan at lumilitaw ang mga paksyon ng naghaharing uri, sa pagitan mismo ng kampong Marcos at kampong Duterte. Hindi maitanggi ang maniobra ng kampo ng presidente kasangga ang pinsan nitong si Martin Romualdez na siyang Speaker ng House of Representatives (HOR). Hindi malayong si Romualdez ang pinipisil ng kampong Marcos para sa 2028 eleksyon, na hindi maikakaila na ambisyon rin ni Sara Duterte.

Nagsimulang umalog ang pampolitikang kalagayan nang i-*demote* si Gloria Macapagal-Arroyo, ang *mentor* ng dating presidente Rodrigo Duterte, mula sa pagka-Senior Deputy Speaker, ang pangalawang posisyon sa Speaker, tungong Deputy Speaker. Nag-*resign* naman si Sara Duterte sa Lakas-CMD, ang partido ni Romualdez. Sa pagtatapos ng 2023, muling na-demote si Arroyo – inalis na siyang tuluyan bilang Deputy Speaker. Diumano, hindi kasi siya pumirma sa resolusyon na ikondena ang mga kritisismo at pag-atake sa HOR at sa Speaker nito. Tugon ang resolusyon sa mga akusasyon ng korupsyon laban kay Romualdez na ibinato ni Rodrigo Duterte sa kanyang TV program sa SMNI, ang *media outfit* ng alyado niyang si Apollo Quiboloy.

Mistulang pinagtulungan naman si Sara Duterte ng mga alyado ng kampong Marcos-Romualdez sa kanilang pagtanggi ng Php650 milyong confidential

and investment funds na hinihingi ng bise-presidente, at ng kontrobersyal na Php125 milyon na inubos niya sa loob lang ng 11 araw. Sinundan naman ito ng usap-usapan na gustong i-*impeach* ng Kamara ang bise-presidente.

Sabi ng mga *political analysts*, sana hindi kaagad inilabas ni Sara Duterte ang kanyang ambisyon para sa pagka-presidente, o sana hindi siya parang palaging humihingi ng kabayaran sa kanyang "sakripisyo" noong 2022. Ayan tuloy, anila, hindi na siya tinantanan ng kampong Marcos-Romualdez. Pero ganun talaga ang tradisyonal na politika sa bansa, 'ika nga, walang *forever* – walang matagalang alyansa.

Nariyan din ang pagbibigay ng *bail* kay Senator Leila de Lima, ang pinakamalaking kritiko ni Rodrigo Duterte. Dagdag pa ang pagpapasara sa mga programa sa SMNI na hawak ng mga alyado ni Duterte at ni Duterte mismo. Pero ang pinakamalaking senyales sa ngayon ay ang pagkakaroon ng resolusyon ng dalawang komite sa Kamara na nag-uudyok sa gobyernong Marcos Jr na makipagtulungan sa International Criminal Court (ICC) sa imbestigasyon nito sa madugong gera sa droga ni Duterte. Sinabi rin ni Bongbong Marcos na pinag-iisipan ng kanyang administrasyon na ipagpatuloy ng Pilipinas ang pagiging myembro ng ICC, na matatandaang inurungan dati ni Duterte. Alas ito ng kampong Marcos – nasa kamay ng presidente ngayon kung papapasukin ba ang ICC sa bansa at tuluyan nang mawalan ng kapangyarihan at kredibilidad ang mga Duterte.

Bumanat naman si Sara Duterte sa muling pagbubukas ng administrasyong Marcos Jr sa usapang pangkapayapaan. Tinawag niya itong "*agreement with the devil*," o pakikipagkasundo sa demonyo. Halatang pag-apela ito sa sentimyento ng militar at kapulisan na walang pagnanais na umupo kaharap ang mga komunista at nagkakaisang demokratikong prente. Hindi kasi nila madurog-durog ang mga rebelde maski anong deadline pa ang ibigay ng mga presidente.

Maraming nagmamasid kung nasaan nga ba ang katapatan ng sandatahang lakas – nasa Commander-in Chief ba o na kay Duterte pa rin? Umugong ang alingasngas tungkol sa *coup d'etat* laban kay Marcos Jr. Pinabulaanan naman ito ng *chief* ng Armed Forces of the Philippines (AFP), si Gen. Romeo Brawner Jr. Nagmumula raw ito sa mga dating opisyal at heneral, at hindi

sa mga aktibo sa serbisyo. Pero kinumpirma rin naman niya na nagsimula ang usap-usapan sa pagpapalit sa chief ng Western Mindanao Command, si Maj. Gen. Steve Crespillo, ni Lt. Gen. William Gonzales. Nakakainsulto ang nangyari – ginawang AFP *inspector general* si Crespillo, ang posisyong iniwan ni Gonzales. Pero ito nga kasi ang isa pang kabulukan ng ating politika – na ang sandatahang lakas ay aktibo at partisano sa pamumulitika.

Bukod sa bangayan ng mga paksyon bilang permanenteng katangian ng krisis sa politika, tampok din ang balimbingan o ang palagiang pagpalit o paglipat ng partido ng mga trapo. Ang Lakas-CMD na ang pinakamalaking bloke sa Kamara matapos maglipatan ang mga miyembro ng PDP-Laban. May 89 miyembro na ang Lakas-CMD sa 315 miyembro ng HOR. Wala na ang *super-majority* sa ilalim dati ni Rodrigo Duterte, pero mukhang mas dadami ang lilipat sa kampo ni Romualdez sa susunod na taon lalo pa at nalalapit na ang 2025 *midterm elections.* Sa Senado naman, mukhang mayroon na ring paghahanda ang mga papaalis na Senador para sa paparating na eleksyon, lalo na at karamihan sa kanila ay mga kilalang alyado ni Duterte tulad nila Bato dela Rosa, Bong Go, at Cynthia Villar. Sa kasalukuyan, PDP-Laban at NPC ang parehong may malaking hawak na posisyon sa Senado, pero maaari pa itong magbago habang papalapit ang eleksyon.

Ito ang mga inaatupag ng nasa poder at namumuno. Sa paglalatag bang ito, may pakinabang ang mamamayan? Pinag-uusapan ba nila ang lumalalang krisis sa trabaho at kahirapan ng nakararami? Gumagawa man lang ba sila ng mga batas na papabor sa ating mga interes o magbibigay alwan man lang sa ating kadusta-dustang kalagayan? Naaalala lang tayo kapag may dapat ipasa na mangangailangan ng *token* na boto o pagsang-ayon mula sa atin.

Isang halimbawa ang kasalukuyang pagtutulak ng *Charter change* o Cha-cha, ang pagbabago ng Saligang Batas. May tatlong paraan ng pagkakaroon ng Cha-cha – ang People's Initiative (PI), Constitutional Assembly (Con-Ass), o Constitutional Convention (Con-Con). Sa ngayon, pinangungunahan kunwari ng mga di-kilalang tao ang kampanya sa pag-iipon ng pirma ng 12% ng lahat ng botante at 3% ng botante sa bawat *legislative district* para sa tinatawag na *people's initiative*. Nag-iikot ang mga ito sa mga komunidad na hindi ipinapaliwanag ang kahulugan ng Cha-cha at nangangako lamang ng kapalit na ayuda o hindi kaya ay nagbabayad ng Php100 kada pirma. Nariyan din

ang isang *TV commercial* na may malawak na *airtime* (ibig sabihin nagbayad nang mahal) na isinisisi ang kahirapan ng bansa sa 1987 Constitution. Halatang-halata naman na galawang Marcos-Romualdez ito.

Dalawa ang ganansya ng rehimeng Marcos Jr sa Cha-cha. Sa isang banda, maaari nitong magawan ng paraan na makapanatili sa poder, o *term extension*, na ikatitindi ng kiskisan sa kampong Duterte. Sa kabilang banda, mabubuksan nang todo ang ekonomiya sa dayuhan at pribadong negosyo, na ikatutuwang labis ng patron nito, ang US. Nasabik agad ang mga kongresistang sagadsaring neoliberal sa posibilidad na ibayong pagbuyangyang ng ekonomiya sa dayuhang pamumuhunan. Bigla namang naging bukas sa Cha-cha si Senate President Miguel Zubiri at iba pang senador na sumuporta dati sa UniTeam. Mukhang na-presyur ang Senado sa posibilidad ng PI, kunsaan maaaring mawalan ito ng silbi bilang Mataas na Kapulungan, kaya mas gugustuhin nito ang Con-Ass. Kahit magsalasalabat ang mga usapin sa Cha-cha – liberalisasyon lang ba ng ekonomiya o kasama ang term extension; PI ba o Con-Ass – paborable ito sa kampong Marcos.

Samantala, hindi maikaila ang pagkiling ng gobyernong Marcos Jr sa US, higit sa China. Sa loob lang ng unang taong panunungkulan bilang presidente, naibigay na ni Bongbong Marcos sa US ang dagdag na lokasyon ng base militar sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Pumirma na rin ito ng bilateral na kasunduan sa seguridad sa US. Idinaos din ang pinakamalaki sa kasaysayan na *Balikatan military exercies* sa pagitan ng sandatahang lakas ng US at Pilipinas. Pumayag din ang gobyernong Marcos Jr na maging isa ang Pilipinas sa apat na bansang lunsaran ng mga aktibidad militar ng US.

Kapalit nito ang pagtibay ng papel ng ekonomiya ng Pilipinas sa muling pagpapalakas ng industriya ng US. Sa mas makasariling intensyon, kapalit din ng mga makaisang-panig na kasunduang ito ang makatuntong sa wakas si Bongbong Marcos sa US at maging *immune* sa mga kasong nakasampa sa kanya at sa kanyang pamilya.

Sa pinakahuling punta ni Bongbong Marcos sa US nitong Nobyembre 2023 para sa APEC meeting na nabanggit, nakipagkita siya kay US Vice President Kamala Harris. Muling pinagtibay sa usapan ang pinalakas na

relasyong pang-ekonomiya at panseguridad sa pagitan ng dalawang bansa. Tampok dito ang kongklusyon ng *123 agreement*, o ang tinatawag na *civil nuclear cooperation agreement* kunsaan magkakaroon ng partnership ang dalawang bansa sa pagbuo ng *clean energy economy*. Nagbibigay ito ng legal na basehan para makapag-export ang US ng mga nuclear equipment at materyales sa Pilipinas. Sadyang tuloy-tuloy talaga ang paghahanda ng US sa posturang pangmilitar sa rehiyon at sa garapalang *provocation,* o panggagalit sa China.

Napag-usapan din ang 1951 US-PH Mutual Defense Treaty, partikular ang Article IV na nagsasabing kapag nagkaroon ng armadong pag-atake sa *armed forces, public vessels*, o hindi kaya'y mga *aircraft* ng Pilipinas sa Asia-Pacific, tutuparin ng US ang *mutual defense commitments*, o ang "pagtatanggol" sa Pilipinas. Nagbibigay babala ito sa gitna ng mga sunod-sunod na agresyon ng China sa West Philippine Sea. At dahil binanggit ito sa opisyal na pulong ng US at Pilipinas, mistulang pinangangalandakan ng US sa China ang lakas at impluwensya ng US sa rehiyon. Aasahan pa ang pagpasok sa Pilipinas ng maraming *military assistance* mula sa US.

Napag-usapan din ang pagpasok ng Pilipinas sa International Technology Security and Innovation (ITSI) Fund ng US na naglalayong bumuo ng *sustainable semiconductor global value chain*. Ito ang pagsusumikap ng US na maungusan ang China sa kanilang gera sa kalakalan at sa kompetisyon para sa dayuhang pamumuhunan. Pinagmayabang din ni Marcos Jr na nagresulta ang pagbisita niya sa US ng US$672.3 milyon na *investment pledges* na kalakhan ay mapupunta sa mga negosyo ng renewable energy at *information technology*. Sa dulo ng 2023, inanunsyo din ng US sa pamamagitan ng kanyang Millennium Challenge Corporation na *eligible* ang Pilipinas sa malaking pamumuhunang ito.

Kaya hindi kataka-takang niraratsada ang Cha-Cha. Magiging maalwan ito para sa US at sa kanyang mga nakahanay na negosyo at pamumuhunan. Malinaw na ang pagbibigay ng probisyong 100% *foreign ownership* ay magiging kapaki-pakinabang sa US sa pandarambong nito sa mayamang rekurso at murang lakas-paggawa ng bansa, para sa kanyang "sustainable semiconductor global value chain."

Sa kasaysayan, wala namang pakialam ang mga dayuhang kapangyarihan sa girian sa internal na politika ng Pilipinas. Ang mahalaga para sa kanila ay bukas lang ang ekonomiya bilang palengke ng mga dayuhan, at kung anumang biyakan ang nagaganap sa naghaharing uri ay hindi makakaapekto ito sa kanilang interes. Mas isyu sa US at China sa ngayon ang kompetisyon at unahan sa pag-ahon mula sa pandaigdigang krisis, sa partikular kung paano mapipigilan ng US ang pag-ungos ng China.

Pero ang interesante sa ngayon, may kanya-kanyang katapatan ang kampong Marcos (na mas yuko sa US) at ang kampong Duterte (na mas malapit sa China). Sa isang banda nagagamit ng US ang katapatan ng kampong Marcos para i-itsa-pwera ang China. Sa kabilang banda, nagagamit naman ng kampong Marcos Jr ang pabor ng US para gipitin ang kampong Duterte.

Nariyan ang suspensyon ng mga land reclamation projects sa Manila Bay, diumano dahil inaaral ang environmental compliance ng mga ito, pero nagpahayag lang kasi ng agam-agam sa seguridad ang US Embassy dahil may mga proyekto sa Manila Bay na pinopondohan ng China. Samantala, nasa panganib na hindi na matutuloy ang malalaking proyektong imprastruktura sa ilalim ng Build Build Build ni Duterte na pinopondohan ng China, matapos magsabi ang mga miyembro ng Gabinete na mabagal ang China. Ito ang PNR South Long Haul Project, Subic-Clark Railway Project, at ang first phase ng Mindanao Railway Project.

Pakitang-gilas ang gobyernong Marcos Jr sa US sa pamamagitan ng pagpapahina sa kapit ng China, at sa proseso, pagpapahina rin sa kapit ng mga Duterte sa pabor at proteksyon mula sa China. Pinag-isipang banat din ni Sara Duterte ang pagpuna sa pagbabalik ng gobyernong Marcos Jr sa usapang pangkapayapaan – maaaring ito ang maging patong pamatas kung inaakala ng rehimeng Marcos Jr na nananalo siya. Pabor na pabor ang hirit na ito ng kampong Duterte sa imperyalismong US na ayaw na ayaw pag-usapan ang kapayapaan. Sino ang panalo sa larong ito? Talong-talo na naman ang sambayanan.

At ang huling katangian ng krisis sa politika ay ang pagiging anti-demokratiko nito – palaging nakabaling ang atake ng estado sa malawak na hanay ng mamamayang lumalaban. Sa kabila ng kanyang pagpapanggap bilang *human*

rights advocate at sa kabila ng pagdistansya niya sa tiranikong reputasyon ni Duterte, ipinagpatuloy lang din ni Bongbong Marcos ang mga mapanupil na batas ng nagdaang administrasyon.

Nakikinabang siya nang husto sa mga ito para supilin ang mga kritiko ng pamahalaan at para makapanatili siya nang matiwasay, isang bagay na palabo nang palabo sa araw-araw dahil sa mabuway na kalagayang pampolitika. Ipinagpapatuloy lang din niya ang anti-demokratikong Anti-Terror Law na sa totoo lang ay nakatuon sa *crackdown* ng mga aktibista, *civil society*, at mga progresibong sektor. Nakikinabang din ang gobyernong Marcos Jr sa paggamit sa Financial Action Task Force (FATF) para kontrolin ang daloy ng *grants* o pondo sa mga grupong nagsusulong ng mga gawain para sa pagbabago. At syempre, hindi nito binubuwag ang NTF-ELCAC na naghahasik ng lagim sa mamamayan sa pamamagitan ng pagbansag na terorista ang mga progresibong grupong naglalatag ng lehitimong kahilingan.

Lumalaki ang bilang ng mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa bansa. Ayon sa datos ng Karapatan, umabot na sa 795 ang bilang ng mga bilanggong politikal, 84 dito ang inaresto sa ilalim ni Marcos Jr. Sa kanyang termino, malaki rin ang bilang ng *illegal* o *arbitrary arrests* na umabot na sa 316 na indibidwal. Mayroon ding 12 kaso ng *enforced disappearance*. Umabot rin sa 87 ang bilang ng biktima ng *extrajudicial killing*.

Patuloy din ang paglabag sa karapatan ng ordinaryong mamamayan sa pamamagitan ng pambobomba sa kanilang mga komunidad. Sa ilalim ni Marcos Jr, umabot na sa 22,391 ang biktima ng pambobomba sa komunidad at mayroong 24,670 katao ang napilitang iwanan ang kanilang mga komunidad.

Agresibo ang gobyernong Marcos Jr sa pag-atake sa mga grupo o indibidwal na tahasang pumupuna at lumalaban sa pamumuno nito. Hindi man siya tulad ni Duterte na harap-harapang minumura ang mga organisasyong masa, patuloy naman na ginagamit ni Bongbong Marcos ang militar at kapulisan para magmanman, maniktik, takutin, at arestuhin ang mga kritiko. At ngayon na mas maraming anti-mamamayang mga polisiya na raratsadahin ang pagpapatupad, aasahan pa ang dadaming atake sa mga magpapahayag ng pagtutol sa mga ito.

Mahalagang maigiit ni Marcos Jr ang kanyang *legitimacy,* o pagkalehitimo, dahil malaki ang itinaya niya sa mga dayuhang kapangyarihan at mga lokal na naghaharing uri. Makikita ang pagsusulong niya ng interes ng dayuhan at oligarkiya sa nakalatag na mga batas at patakarang neoliberal, at wala sa mga ito ang sasagot sa krisis na kinakaharap ng bansa. Titindi ang panlipunang krisis sa itinutulak ng rehimeng Marcos Jr na Cha-cha, laluna ang 100% foreign ownership, kasama ang pagbubukas ng mga serbisyo para sa pagnenegosyo. Lalala ang kawalan ng trabaho, mababang pasahod, mataas na presyo ng bilihin, pasaning buwis, malawakang kahirapan, at paggamit sa kaban ng bayan para tustusan ang imprastruktura ng mga namumuhunan at negosyante. Mangangailangan ng proteksyon ang gobyernong Marcos Jr mula sa nagpupuyos na panlipunang ligalig at galit ng taumbayan.

4 Ano ang mga prinsipyo at hakbang na maaaring itulak para sa tunay na pagbabago?

Radikal ang kailangang pagbabago ng Pilipinas. Hindi sasapat ang mga patse-patseng reporma sa lalim at tindi ng ating krisis. Anumang panukalang reporma ang ihain natin ay dapat nakabalangkas sa pangmatagalang tanaw ng tunay na pagbabago – ang pagpapalit ng istruktura at panlipunang kaayusan.

Sa kagyat, ipanumbalik ang yaman at rekursong bayan sa totoong nagpagod at gumawa. Esensyal na hakbang dito ang pagkakaroon ng nakabubuhay na sahod, akses at kontrol ng masang anakpawis sa mga rekursong panghanapbuhay, makatwirang presyo, at progresibong pagbubuwis. Napag-iiwanan na ng panahon ang gobyernong Marcos Jr sa kawalan ng billionaire's wealth tax. Walang kwentang nangunguna ang paglago ng ekonomiya ng Pilipinas sa Asya kung ang gobyernong Marcos Jr naman ang pinakamaganit kausap sa pagbubuwis sa mga super-mayaman.

Sa kagyat din, ipaling ang pagbabadyet sa panlipunang serbisyo at proteksyon, pampublikong yutilidad at serbisyo, *emergency assistance*, subsidyo sa produksyon ng mga magsasaka at maliliit na prodyuser at negosyante, subsidyo sa paggawa at kawalan ng trabaho, at kahandaan sa mga kalamidad. Mababaw ang paglago ng ekonomiya kung makikitang

naglalaan ang gobyerno ng napakalaking paggastos sa imprastrukturang negosyo, habang kinakaltas o halos walang inilalaan sa mga nabanggit na mas mahahalagang pagtuunan ng pansin. Komprehensibo at lahatan dapat ang patakarang panlipunan ng pamahalaan.

Sa malayong tanaw, esensyal na magkaroon ang estado ng pambansang patakarang pang-industriyalisasyon. Walang bansang umunlad na hindi naglatag ng ganitong plano. Walang bansang naging progresibo na hindi tumanaw kung paano makakalikha ng maraming produkto at kung paano makakapagpataas ng kapasidad at teknolohiya sa pagpapalawak ng produksyon. Maski ang mga karatig-bansa ng Pilipinas sa ngayon ay may mga planong industriyal. Samantala, ang development plan ng gobyernong Marcos Jr ay nakatuon sa pagpaparami ng dayuhang pamumuhunan. Importasyon naman ang bangkarote nitong patakaran para sa lahat ng ating pangangailangan.

Napakahalaga bilang unang hakbang sa tanaw ng pambansang industriyalisasyon ang pagpapalakas ng produksyon ng pagkain at produktong agrikultural. Batayang prinsipyo rito ang pamamahagi ng lupa sa mga nagbubungkal, at pagbibigay ng estado ng sapat na suportang produksyon at presyo, at makatarungang pasahod sa mga pesante. Mahalagang dumudulo ang mga ito sa industriyalisasyon ng kanayunan – ang paglikha ng mga akma at likas-kayang teknolohiya at imprastruktura sa agrikultura at pangisdaan sa kapakinabangan ng lahat. Hindi lang seguridad sa pagkain ang matatamo ng ganitong mga hakbang kundi ang pangangalaga rin sa mga likas na yaman para sa sustenableng pag-unlad.

Susunod na hakbang sa pambansang industriyalisasyon ang ilan sa mga sumusunod: paglatag ng plano ng produksyon ng batayang pangangailangan ng mamamayan; plano ng produksyon ng mga intermedyang pangangailangan; primaryang produksyon, bukod sa agrikultura, katulad ng pagmimina at pagtotroso at iba pang lumilinang sa lokal na mga rekurso; manupaktura ng mga makinarya; pag-unlad ng agham at teknolohiya para sa mga nabanggit na plano; pag-unlad ng mahahalagang sektor ng serbisyo at yutilidad, kasama ang transportasyon at imprastruktura; at pangangalaga, rehabilitasyon, at proteksyon ng kapaligiran at ekolohiya.

Esensyal sa plano ang mga usapin tungkol sa nasyonalisasyon at kontrol ng estado sa mga susing sektor sa ekonomiya; lokal na pagmamay-ari, akses at kontrol ng mga rekurso; regulasyon ng pamumuhunan at pinansya para sa pag-unlad, kasama ang pangungutang; at ang pag-unlad ng mga sektor ng mamamayan kasama ang pambansang minorya. Mahalagang hakbang ang pagtataguyod ng soberanya sa ekonomiya at ang pagkakaroon ng nagsasariling patakarang panlabas.

Lokal na produksyon mula sa lokal na rekursong materyales, paggawa at pondo, para sa lokal na konsumo. Simpleng pangarap na hinding hindi nakamit ng Pilipinas dahil hinding hindi naman ito pinangarap ng mga namumuno. Hindi sana lumalala ang pagdausdos ng ekonomiya, krisis sa trabaho, at malawakang kahirapan.

Hindi magiging madali ang mga nabanggit na hakbang sa tahak ng pambansang industriyalisasyon. Pero wala namang *short-cut* kasi sa tunay na pag-unlad. Palagi itong mabato, matinik, madugo. Hindi patakarang tamad o patakarang makasarili ang pambansang industriyalisasyon, di tulad ng patakarang importasyon at dayuhang pamumuhunan ng gobyernong Marcos Jr. Katunayan, sa pambansang industriyalisasyon ay kailangan ng isang malakas at mahusay na pamamahala at interbensyon ng estado, kunsaan may sentral na papel ang gobyerno at magsisilbi sa kagalingan ng mamamayan. Hindi katulad ng gobyernong Marcos Jr na nagsisilbi sa interes ng dayuhang amo at mga katuwang na naghaharing uri, habang isinasakripisyo ang kinabukasan ng taumbayan.

Sa araw-araw, hinaharap ng organisadong mamamayan ang maliliit na laban para sa malayong tanaw ng ganap na tagumpay. Hindi dapat ito tantanan. Tuloy-tuloy na binabantayan ang kaban ng bayan – ang maling gamit at paglalaan nito, paggigiit na gawing prayoridad ang panlipunang serbisyo at proteksyon, at pagtigil sa paggastos para sa mga imprastrukturang negosyo at mapanira at maanomalyang mga proyekto. Nariyan din ang pagpapatigil sa MIF at iba pang pondong pugaran ng korupsyon at ang walang kapararakang pangungutang para sa proyektong walang kapakinabangan sa masa.

Nariyan ang pagbasura sa mga batas at patakarang neoliberal na nagpalala lamang sa kalagayan ng mamamayan. Nariyan ang tuloy-tuloy na protesta

laban sa walang habas na liberalisasyon ng importasyon ng pagkain, produktong agrikultural at batayang pangangailangan na nagdudulot ng pagkalugi ng mga magsasaka at maliliit na prodyuser.

Umuugong din ang panawagan na hindi dapat pahintulutan ang 100% foreign ownership ng mga negosyo, lupa at mga rekurso, tubig, kuryente, imprastruktura, transportasyon, renewable energy, at kalakalan. Mahihirapang ipagtagumpay ng gobyernong Marcos Jr ang maniobra nito sa Cha-cha sa tumitinding galit ng taumbayan.

Nariyan din ang lumalakas na panawagan laban sa pribatisasyon ng mga panlipunang serbisyo, katulad ng kalusugan, edukasyon, tubig, kuryente, at pabahay. Pinapatampok na pagpapalaki lang ng tubo ang nangyayari sa ilalim ng mga pribadong korporasyon, at nananatili lang din na palpak ang pagbibigay ng mga serbisyo.

Lalong nailalantad at tinututulan ang panghihimasok ng dayuhang manopolyo at mismong gobyerno ng US sa ekonomiya, politika at militar ng Pilipinas. Walang mararamdamang simpatiya o pagsang-ayon mula sa mga Pilipino si Bongbong Marcos sa pinirmahan nitong mga mapanghimasok na kasunduang pang-ekonomiya at panseguridad sa US. Nag-aalab ang panawagan na iwaksi ang kontrol at dikta ng dayuhang kapangyarihan sa bansa, at palayain ang Pilipinas mula sa pagiging malakolonya nito hindi sa kalakalan at pamumuhunan kundi sa buong pagpapatakbo ng kanyang gobyerno.

Buhos-pagsusumikap ang kilusang masa sa araw-araw para mailunsad ang maliliit pero maraming laban. Tumitindig ang mamamayan para sa mga batayang karapatan – trabaho, kabuhayan, nakabubuhay na sahod, panlipunang serbisyo, kalayaan at demokrasya. Nilalabanan ang panunupil at paglabag sa kalayaan at karapatang sibil at politikal, pinapanagot ang estado sa mga pang-aabuso sa mamamayan, at iginigiit ang karapatang mag-organisa, magpahayag, at kumilos. Lumalakas at tumitibay ang mga panawagan at pakikibakang ito ng kilusang masa, na sa huli ay siyang susi sa pagkakamit ng ganap na tagumpay – ang radikal na pagbabago. At doon sisibol ang bagong Pilipinas.